



Bagong Impormasyon: Mga Emergency Grocery Card para sa mga Tatanggap ng CalFresh

Nobyembre 21, 2025

- Ang CalFresh Emergency Grocery Card Program ay makukuha para sa mga tatanggap ng San Francisco CalFresh na ang mga kaso ay aktibo noong Oktubre bilang isang minsanang emergency prepaid grocery card na inaalok sa pamamagitan ng GiveCard.
- Ang grocery card na ito ay karagdagan sa iyong mga benepisyo ng CalFresh para sa Nobyembre. HINDI nito maaapektuhan ang iyong mga benepisyo ng CalFresh para sa Nobyembre o Disyembre, o iba pang mga pampublikong benepisyo.
- Kung umorder ka ng pisikal na card, kailangan mo itong i-unlock para magamit mo ito kapag natanggap mo na ito. Maaari mong i-unlock ang iyong card online sa <https://app.givecard.com/> o sa pamamagitan ng pagtawag sa SFHSA para makatulong.
- Hindi kailangan ng PIN ang iyong GiveCard para magamit. Kung hihingan ka ng PIN habang ginagamit ang iyong GiveCard, pindutin lamang ang "ENTER" para laktawan ito.
- Dapat ma-activate ang mga grocery card bago ang Disyembre 31, 2025. Dapat magastos ang pondo bago ang Marso 31, 2026.
- Ipinagmamalaki naming maibigay ang karagdagang suportang ito sa pagkain sa mga taga-San Francisco bago ang panahon ng kapaskuhan.
- Kung hindi ka pa nakatanggap ng sulat o kung kailangan mo ng tulong sa pag-activate ng iyong virtual o pisikal na grocery card, narito kami para sa iyo. Para sa suporta, makipag-ugnayan sa:
 - SFHSA's CalFresh team at **(855) 355-5757**
 - [Family Resource Centers](#) para sa mga pamilyang may mga anak
 - [Aging and Disability Resource Centers](#) para sa mga senior citizen at mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan